Republika ng Pilipinas
Lalawigan ng Laguna
Bayan ng Sta. Cruz

## TANGGAPAN NG SANGGUNIANG PAMBAYAN

SINIPI SA KATITIKAN NG KARANIWANG PULONG NG KAGALANG-GALANG SANGGUNIANG BAYAN NG BAYAN NG SANTA CRUZ, LALAWIGAN NG LAGUNA, NA IDINAOS SA BATASANG BAYAN NUONG IKA-7 NG HULYO, 1997, LUNES, SA GANAP NA IKA-9:00 NG UMAGA.

DUMALO:

| | |
|---|---|
| KGG. NARCISO O. INFANTE.............. | PANG. PUNONG BAYAN<br>Tagapangulo |
| Kgg. Heidi S. Ciriaco................ | Kagawad |
| Kgg. Ariel T. Magcalas............... | Kagawad |
| Kgg. Louie C. de Leon................ | Kagawad |
| Kgg. Ricardo B. Ramirez.............. | Kagawad |
| Kgg. Celestino D. Pamatmat........... | Kagawad |
| Kgg. Bernardo E. Ison................ | Kagawad |
| Kgg. Miguel M. Asinas................ | Kagawad |
| Kgg. Angelito U. Limjuco............. | Kagawad |
| Kgg. Jeffrey A. Villaseñor........... | Kagawad |

DI-DUMALO:

| | |
|---|---|
| Kgg. Jaime Alexander T. Calupitan... | Kagawad |

### KAPASIYAHAN BLG. 156-T'97

KAPASIYAHANG PINAGTITIBAY ANG KAPASIYAHAN BLG. 9-T'97 NG SANGGUNIANG BARANGAY III NA NAGBIBIGAY-PAHINTULOT NA MAKAPAGTAYO NG PERYA SA DAANG M. H. DEL PLAR NA SAKOP NG NASABING BARANGAY NA MAGSISIMULA SA IKA-15 NG HULYO, HANGGANG SA IKA-20 NG AGOSTO TAONG ITO, PARA SA DARATING NA KAPISTAHAN NG MAHAL NA SEÑOR SA IKA-19 NG AGOSTO,1997, SA PASUBALING PANGANGALAGAAN ANG KALINISAN SA LUGAR NA PAGTATAYUAN NG NABANGGIT NA PERYA.

**SAPAGKA'T,** iniharap at tinalakay ng Sangguniang ito ang Kapasiyahan Blg. 9-T'97 ng Sang. Brgy. III na nagbibigay ng pahintulot na makapagtayo ng perya sa Daang M. H. del Pilar na sakop ng Barangay III para sa darating na Kapistahan ng Mahal na Señor sa ika-19 ng Agosto, 1997;

**SAPAGKA'T,** matapos na ito ay matalakay at makita ang kapakinabangang maibabahagi nito sa pagdaragdag ng kita ng nabanggit na barangay ay ipinasya ng Lupon sa Batas na irekomendang pagtibayin na ito.

**KUNG KAYA'T, DAHIL DITO,** sa mungkahi ng Kgg. kag. Miguel M. Asinas, na pinangalawahan ng mga Kgg. kag. Heidi S. Ciriaco, Bernardo E. Ison, Celestino D. Pamatmat, Angelito U. Limjuco, Louie C. de Leon at Ricardo B. Ramirez at sa pagsang-ayon ng lahat na ngayo'y kaharap, ay

**PINAGPASIY**[illegible]gtibayin ang Kapasiyahan Blg. 9-T'97 ng Sang. Brgy. [illegible]bibigay-pahintulot na makapagtayo ng perya sa Daang M[illegible]Pilar na sakop ng nasabing barangay na magsisimula sa [illegible]5 ng Hulyo, hanggang sa ika-20 ng Agosto, 1997 para sa darating na Kapistahan ng Mahal na Señor sa ika-19 ng Agosto, 1997, sa pasubaling pangangalagaan ang kalinisan sa lugar na pagtatayuan ng nabanggit na perya.

**INIUUTOS:** Na padalhan ng sipi ng kapasiyahang ito ang Kgg. Punong bayan, Pambayang Inhinyero, Pambayang Ingat-yaman at Sang. Brgy. III, para sa kanilang kabatiran at kaukulang hakbang.

PINAGTITIBAY.

PINATUTUNAYAN kong tumpak at wasto ang nasasaad sa kapasiyahang ito.

JEANETTE P. SANDICHO
Kalihim ng Sangguniang Bayan

NAGPATUTOO:

NARCISO O. INFANTE
Pang. Punong Bayan
Tagapangulo

PINAGTIBAY:

DOMINGO G. PANGANIBAN
Punong Bayan